


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagpapasalamat sa Diyos



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Pagpapasalamat sa Diyos
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Ma. Fe P. Alas	Julieta Lugas Lim
Editor:	David C. Alcobber	
Tagasuri:	Colin D. Tupaz	
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera	Lemuel P. Valle Jr.
	Jingerlou D. Inot	
Tagalapat:	Gualberto Gualberto Jr.	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Mariza S. Magan
	Arnulfo M. Balane	Edgar Y. Tenasas
	Rosemarie M. Guino	
	Mark Chester Anthony G. Tamayo	Joy B. Bihag
	Gretel Laura M. Cadiong	Ryan R. Tiu
	Ranulfo L. Baay	Amenia C. Aspa
	Juliet L. Lim	

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
Pagpapasalamat sa Diyos**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sadya nga bang mahiwaga ang buhay ng tao? Ang katanungang ito ay nakatatak sa puso at isipan ng bawat tao dahil sa mga pangyayaring mahirap ipaliwanag sa ating paligid. Katulad halimbawa ng biglaang pagdating ng Covid 19 na sa isang iglap ay nakapagpabago sa buhay ng bawat isa. Ating natunghayan na sa kabila ng ating nararanasan, lahat tayo ay sa Diyos nananalangin. Sumasambit ng pasasalamat sa lahat ng mga natatanggap na biyaya at tulong tulad ng ayuda para malampasan ang kahirapan dulot ng pandemya. Sa kabila ng napakaraming pagsubok at hirap na ating kinakaharap tulad ng mawalan ng hanapbuhay at mawalan ng minamahal o miyembro ng pamilya ngunit hindi maikakatuwa na tayong lahat ay tumatalima at nagpapasalamat pa rin sa Diyos.

Ang mga pamamaraan sa pagpapakita ng pasasalamat sa Diyos ay maaaring nakikilala sa pamamagitan ng paggawa at paghangad ng mabuti sa ating kapwa at pangangalaga sa Inang Kalikasan dahil ang taong tunay na nagpapasalamat sa Diyos ay may pagpapahalaga sa lahat ng may buhay para sa ikabubuti ng komunidad, ng buong bansa, at ng sanlibutan. Ang pagpapakita ng pagmamalasakit sa kalagayan ng iba, at pagbibigay pag-asa sa kapwa nang may pagkalinga at pagmamahal, pagrespetong ipinakikita natin sa kapwa ay isang mahalagang pagpapatunay ng pagpapasalamat sa Diyos.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagpapakita ng iba't ibang paraan ng pasasalamat sa Diyos
- Nakikilala ang mga gawaing nagpapakita ng pananampalataya sa Diyos
- Nakasusulat ng maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos.



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat sa patlang ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan paggawa nang mabuti sa kapwa at **MALI** kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- _____ 1. Si Pio ay araw-araw nagdarasal at nagpapasalamat sa Diyos kaya lalong lumalalim ang kaniyang pananampalataya.
- _____ 2. Maayos na inaalagaan ni Marie ang kaniyang mga alagang hayop dahil naniniwala ito na ito ay likha ng Maykapal.
- _____ 3. Si Jose ay laging tumutulong sa mga gawaing bahay.
- _____ 4. Ang kumpanya nila Emerson ay nagpuputol ng mga punongkahoy at sumisira ng mga halaman.
- _____ 5. Ang pamilya nila James ay sumasambit ng dasal ng pasasalamat bago kumain.
- _____ 6. Si Aira ay nagdarasal sa lahat ng pagkakataon.
- _____ 7. Si Joy ay nagpapakita ng paggalang sa opinyon at paniniwala ng ibang tao tungkol sa Diyos.
- _____ 8. Bilang pasasalamat sa Diyos, nagbahagi at nagbigay ng mga damit at pagkain sa mga taong nasunugan sina Cristen at Nicole.
- _____ 9. Si Joseph ay nag-aaral nang mabuti para sa magandang kinabukasan.
- _____ 10. Si Maika ay palaging naglilinis ng buong bahay para maiwasan ang sakit at upang maipakita ang pagpapahalaga sa buhay na biyaya ng Diyos.

Aralin

1


Pagpapasalamat sa Diyos

Ang ating pagsambit ng pagpapasalamat sa Diyos ay isang kaugaliang itinuro sa atin ng ating mga magulang. Ang pananalangin o pagdadasal ay isang paraan kung paano natin maipapakita ang ating pasasalamat. Magkakaiba man ang relihiyon ng bawat Pilipino pero nagkakaisa tayo sa pagsambit ng ating pasasalamat sa pamamagitan ng ating mga panalangin. Nararapat lamang na pasalamatan ang Diyos sa lahat ng biyayang natanggap, natatanggap at tatanggapin. Kaya kailangan nating ibahagi sa ating kapwa kung ano ang meron tayo upang maipakita ang ating pagkalinga at pagmamalasakit. Sa ganitong paraan naipamamalas natin ang ating pasasalamat sa Diyos.



Balikan

Gamit ang pormat sa ibaba, magbigay ng tatlong nagawa mong pagtulong at pagkalinga sa iyong kapwa nitong nagdaang isang linggo. Tiyakin mailagay kung sino ang ginawan mo ng pagtulong at kung ano ang tulong na iyong ginawa. Sagutin din ang mga gabay na tanong. Ilagay ito sa iyong sagutang papel.



Gabay na Tanong:

1. Ano ang naramdaman mo matapos gumawa ng pagtulong o pagkalinga sa kapwa? Ipaliwanag.
2. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pagtulong at pagkalinga sa kapwa?
3. Bilang isang mag-aaral, paano mo maipapakita ang pagtulong sa kapwa lalo na sa panahon ng pandemya?

**Tuklasin**

Paano mo mailalarawan ang iyong pasasalamat sa Diyos? Basahin ang tula. Tuklasin kung bakit mahalaga ang pasasalamat sa Diyos ng bawat tao. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Aking Pasasalamat

Sinulat ni: Juliet Lugas Lim

Sa bawat paggising, ang munting dalangin
Aking sinasambit ng buong taimtim
Pagpapasalamat sa Diyos sa bagong araw
Na sadyang bigay upang lumaban sa buhay.

Bawat kilos at galaw aking inaalay
At ipinagpapasalamat sa Diyos buong puso at damdamin
Upang aking malabanan at mapagtagumpayan
Ano mang pagsubok dumating sa buhay
Nang sa gayo'y buhay maging mahusay at matiwasay.

Anoman ang iyong paniniwala
Huwag na huwag kaligtaan ang pagsambit
Nang pagpapasalamat sa Diyos
Na Siyang tunay na lakas ng buhay.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang iyong naramdaman matapos mo mabasa ang tula?
2. Aling linya sa tula ang mas tumatak sa iyo? Bakit?
3. Anong karanasan sa buhay ang maiuugnay mo sa linya ng tula na tumatak sa iyo?
4. Mahalaga ban a marunong tayong magpasalamat sa Diyos sa anoman ang ating mga nararanasan sa buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Bukod sa pagdarasal, sa paanong paraan mo pa maipamamalas ang pagpapasalamat sa Diyos?



Suriin

Mahalaga sa atin ang pasasalamat sa Diyos at sa ating kapwa sapagkat pinapahalagahan nito ang mga natanggap, natatanggap at tatanggapin pang biyaya na maaaring humantong sa matibay na pananampalataya. Karaniwan ang pasasalamat ay naipapamalas sa pamamagitan ng panalangin. Pero mas madali itong maipakita sa pamamagitan ng pagtulong at pagkalinga sa kapwa upang maranasan ang pagmamahal ng Diyos.

Maliit man o malaki ang natanggap o naranasan na nakapagpagaan sa iyong buhay ay dapat mo itong ipagpasalamat. Napabuti ang iyong pakiramdam at ikaw ay nasiyahan na siyang mahalaga sa atin maging ito man ay ispiritwal o materyal.

Maaaring ipakita ang pasasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng:

1. Palagiang pagdarasal sa Diyos upang magpasalamat sa mga biyayang natatanggap.
2. Pakikiisa sa mga gawain sa simbahan o bahay-dalanginan batay sa relihiyon na kinabibilangan.
3. Paggawa ng mabuti at pagtulong sa kapwa sa oras ng pangangailangan.
4. Pangangalaga sa ibang nilalang tulad ng halaman at mga hayop.
5. Pagiging mapagkumbaba sa lahat sa pagkakataon.

Sa bawat pangyayari ng ating buhay maging masaya man o malungkot huwag kalimutan na sa ating pagpapasalamat ating nabibigyan ng diin ang ating pananalangin. Sa iyong murang edad kailangan mong palaging magpasalamat sa

Diyos sa bawat biyayang iyong matatanggap katulad ng pagkaing naihahanda sa hapagkainan, mga damit at gamit na iyong natatamasa, bahay na iyong natitirhan at iba pang mga biyayang iyong natatanggap. Dahil sa pagpapasalamat, iyong binubuksan ang iyong puso sa marami pang biyayang dumadating.

Isang mahalagang gawain din ang pagtulong sa iba, pagrespeto at pagmamahal sa kapwa ay malaking pagpapakilanlan ng iyong buong pusong pasasalamat sa Diyos.



Pagyamanin

Panuto: Basahin ang mga nakatalang katangian sa unang hanay. Mula naman sa ikalawang hanay, lagyan ng **tsek (/)** ang mga katangian na iyong ginagawa at **ekis (X)** naman ang mga hindi. Maging matapat sa iyong pagsagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Mga Katangian	Ginagawa ko ito	Hindi ko ito ginagawa
1. Sama-samang pagdarasal para sa kaligtasan ng lahat at malampasan ang pandemyang kinakaharap.		
2. Sinusunod ang mga paniniwala at gawi ng relihiyong kinabibilangan.		
3. Tumutulong sa paglilinis ng bahay upang maiwasang magkasakit ng Covid 19.		
4. Pag-iwas sa pangungutya o diskriminasyon sa mga taong kakilala na nagpositibo sa COVID-19.		
5. Iginagalang ang panrelihiyong paniniwala ng ibang tao.		
6. Nagpapasalamat sa Diyos sa mga biyayang dumarating sa iyo at iyong pamilya.		
7. Sinisikap na makatulong sa mga taong palaboy sa abot ng makakaya.		

8. Taos-pusong umaawit ng mga ispirituwal na kanta tuwing nagsisimba.		
9. Kapag nasa loob ng simbahan, nakikinig sa ministro o pari.		
10. Paggalang sa mga awtoridad gayundin ang patakarang kanilang ipinatutupad sa panahon ng pandemya.		

Gabay na Tanong:

1. Batay sa resulta ipinakita sa talahanayan, masasabi mo bang ikaw ay nakapagsasabuhay ng pagmamahal at pasasalamat sa Diyos? Paano mo nasabi?
2. Bukod sa mga nabanggit na kilos sa itaas, ano ano pa ang mga maaari mong gawin upang maipakita ang pagmamahal at pasasalamat sa Diyos?



Isaisip

Napakaraming dahilan ang kailangan nating ipagpasalamat sa Diyos. Mahalagang naipapakita natin ang pagpapahalaga at pagpapasalamat sa Diyos para sa mga maliliit at malalaking bagay at pangyayaring na natatangap o nararanasan natin.

Sumulat ng isang **pangako** na kailangan mong gawin upang maisabuhay ang pagiging mapagpasalamat sa Diyos. Gawin ito sa isang buong papel.



Rubriks sa Pagmamarka	
Malinaw at makatotohanan ang isinulat na pangako. Nakapaglahad ng limang halimbawa ng gagawin ayon sa pamamaraan ng pasasalamat sa Diyos.	5 Puntos
Makatotohanan ang isinulat na pangako. Nakapaglahad ng apat o tatlong halimbawa ng gagawin ayon sa pamamaraan ng pasasalamat sa Diyos.	3 Puntos
Hindi malinaw at makatotohanan ang isinulat na pangako. Walang nailahad na tiyak na halimbawa ng gagawin ayon sa pamamaraan ng pasasalamat sa Diyos.	1 Puntos



Isagawa

Lumalala ang pagkalat ng sakit na COVID-19 sa buong bansa. Marami ang nagugutom bunsod ng *lockdown* at nawawalan ng mahal sa buhay dahil sa tindi ng sakit na kinahaharap. Ngunit sa kabila ng takot at pangamba, nananatili ka at ang iyong pamilya na ligtas at nasa maayos na kalagayan. Kung kaya nararapat lamang na magpasalamat sa Diyos para sa mga biyayang ito. Gamit ang pormat sa ibaba, sumulat ng isang maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang Aking Panalangin ng Pasasalamat sa Diyos

AMEN

Rubrik sa pagmamarka:

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (8 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)
Nilalaman	Makatotohanan at puno ng kabuluhan ang maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos	Hindi ganoong makatotohanan subalit may kabuluhan ang maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos.	Walang kabuluhan at hindi makatotohanan ang maikling panalangin ng pasasalamat sa Diyos.
Organisasyon	Maayos ng pagkakasunod ng ideya, nauunawaan, at malinis ang pagkakasulat ng panalangin.	Nauunawaan at malinis subalit hindi ganoon kaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya ng isinulat na panalangin.	Hindi malinis, malinaw at nauunawaan ang mga ideya na isinulat na panalangin.
Wastong baybay at bantas	Tama ang pagkakabaybay at paggamit ng bantas	May ilang kamalian sa pagkaka baybay at paggamit ng bantas.	Hindi wasto at maraming mali ang baybay at gamit ng mga bantas.

**Tayahin**

Panuto: Isulat ang (/) kung ang mga pangungusap ay nagpapakita ng pasasalamat sa Diyos at (X) naman kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Si Ariel ay naglalaan ng oras para magdasal sa loob ng tahanan o magpunta sa pook dalanginan.
- _____ 2. Ang pamilya nila Leni ay nagdarasal bago at pagkatapos kumain bilang pasasalamat sa mga biyayang natatanggap.

- _____ 3. Para kay Amy, ang pagtulong sa iba na may hinihintay na kapalit.
- _____ 4. Si Ali ay tumutulong sa mga taong nawawalan ng pag-asa sa buhay.
- _____ 5. Si John ay nagsasalita nang mahinahon.
- _____ 6. Si Joseph ay nagpapasalamat sa lahat ng mga bagay na natatanggap araw-araw.
- _____ 7. Sinasayang ni Archie ang pagkain.
- _____ 8. Masiglang bumabati si Lendelle sa mga miyembro ng pamilya.
- _____ 9. Hindi pinapansin ni Justine ang paghingi ng tulong ng mga kapatid o kapitbahay.
- _____ 10. Nagpapasalamat si Ariana mga magulang sa lahat nang kanilang ginagawa para saiyó.



Karagdagang Gawain

Basahin mabuti ang deskripsiyon ng bawat anyo ng panitikan. Pumili ng isa sa mga ito at gawan ng akda na nagpapakita ng iyong pananalig at pagpapasalamat sa Diyos. Tignan ang rubrik upang magabayan sa paggawa.

1. Tula – Sumulat ng tula ng pasasalamat sa Diyos na hindi bababa sa tatlong saknong.
2. Maikling Sanaysay – Sumulat ng sanaysay na may tatlong talata tungkol sa kahalagahan ng pananalig at pagpapasalamat sa Diyos.
3. Awit – Bumuo ng isang maikling awit ng pasasalamat sa Diyos. Maaaring gumamit ng tono mula sa mga popular na kanta.
4. Liham – Sumulat ng isang maikling liham sa Diyos na naglalaman ng iyong pasasalamat sa mga biyayang natatanggap mo at ng iyong pamilya.

Pamantayan	Napakahusay (10 Puntos)	Mahusay (8 Puntos)	Katamtamang Husay (5 Puntos)	Kailangan pang Paghusayan (3 Puntos)
Nilalaman	Napakahusay na naipahayag sa panalangin ang mensahe ng pasasalamat sa Diyos.	Naipahayag sa panalangin ang pasasalamat sa Diyos.	Hindi masyadong naipahayag sa panalangin ang pasasalamat sa Diyos.	Hindi nakitaan ng pasasalamat sa Diyos ang panalangin.
Organisasyon	Makabuluhan at wasto ang binuong akda ayon sa temang ibinigay.	Makabuluhan at wasto ang binuong akda ayon sa temang ibinigay ngunit nangangailangan ng ilang pagwawasto	Nakabuo ng akda batay sa tema ngunit kailangan ng pagsasaayos ng mga ideya upang mas maunawaan.	Hindi malinaw ang kaugnayan ng akda sa ibinigay na tema. Maraming detalye ng akda ang hindi nauunawaan.
Wastong Pagbaybay at Bantas	Wasto ang paggamit ng baybay ng mga salita at bantas.	May tatlo hanggang limang mali sa paggamit ng wastong baybay ng mga salita at bantas.	May anim hanggang sampung mali sa paggamit ng wastong baybay ng mga salita at bantas.	Higit sa labing-isa ang mali sa paggamit ng wastong baybay ng mga salita at bantas.



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. Tama 2. Tama 3. Tama 4. Mali 5. Tama 6. Tama 7. Tama 8. Tama 9. Tama 10. Tama	Pagmamamam Magkakakaiba ang sagot.
Balikin • Malakas na pangangatatagan • Pagbibigay ng mga grasya o kaginhawaan sa buhay • Pagkakaroon ng magandang disposisyon sa buhay • Pagkakaroon ng bagong gamit • Pagmamahal ng mga magulang	Isagawa Gawain A - Magkakakaiba ang sagot Gawain B - Magkakakaiba ang sagot Gawain C - Magkakakaiba ang sagot
Tuklasin 1. Aking Pasasalamat, Juliet Lugas Lim 2.-4. Maaaring magkakakaiba ang sagot.	Tayahin 1. / 2. / 3. X 4. / 5. / 6. / 7. X 8. / 9. X 10. /

Sanggunian

Department of Education. n.d. *Contextualized Lesson Plan*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in EsP* . Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank for Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqaad@deped.gov.ph * blr.lrpdp@deped.gov.ph